Sa Pilang Salungat sa Manghuhula at Bolang Kristal

*"....charot!"*

Sino ba naman ang hindi mapapabuntong-hininga matapos na malamang ang mga impormasyong dumaan na sa tenga at utak mo ay sa huli pala'y may kadugtong na salitang tulad niyan? 'Yung tipong nginuya at ninamnam mo na lahat-lahat ang bawat letra ngunit malalasahan mong peke lang pala. Inaamin ko, isa ako sa mga kabataang nabiktima ng ganitong klase ng *"modus operandi"* na kung tutuusi'y naging bahagi na ng pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ng karamihan.

Naalala ko tuloy, noong nakaraang taon, kalalabas lang namin ng tita ko sa Quiapo Church nang may makita kaming mahabang pila sa gilid. May mga bata, matatanda, magkasintahan, at maging mga estudyante. Akala ko noong una ay may artista lang kaming nakasabay na magsimba roon at pinagkakaguluhan lang. Mali ako. Pila pala iyon ng mga magpapahula. Niyaya ako ng tita kong sumunod sa pila. Matagal niya na kasi gustong magkaroon ng asawa at wala naman daw masama kung susubukang magpabasa ng kapalaran. Matapos nga ang mahabang-mahabang-mahabang pagtayo sa ilalim ng napakainit na araw, sa wakas ay nakapasok na kami sa loob ng tent. Sa pagkakataong iyon ko unang nasaksihan ang mundong nabubuo sa sandaling umuupo ang isang tao kaharap ang isang manghuhula at ang kaniyang bolang kristal.

*"Talaga po? Walang halong charot?!"*

Iyan ang linyang nanggaling mismo kay tita na pinakatumatak sa akin. Sabi kasi ng matandang babae, makakapangasawa raw siya sa susunod na tatlong taon. Mamahalin daw siya nito nang lubusan at magiging mayaman (may palikong guhit daw kasi sa palad niya na hindi ko naman naintindihan kung ano ang koneksyon). Sa kabilang banda, habang nakaupo ako sa gilid, alam kong walang sapat na katiyakan kung magkakatotoo ba ang mga salitang lumabas sa bibig ng manghuhula at maging ang interpretasyong nagmula sa umaandap-andap na bolang kristal. Kaya naman, kahit anuman ang sabihin niya sa isang taong unti-unting napaparalisa ang katinuan mula sa pagkalunod sa karagatan ng hiraya, maglalatag pa rin ito ng katanungan at pag-aalinlangang naiipit sa mga salitang *"niloloko mo lang ako"* at *"sana nga magkatotoo"*.

Hindi naman ito nalalayo sa aking karanasan bilang isang *campus journalist* noong Grade 10 student pa lang ako. Naging katawan ko noon ang dyaryo at naging kaluluwa ko naman ang mismong balita. Subalit dahil parte ng pagiging isang mamamahayag ang pagkilatis ng mga nababasang impormasyon sa kahit anong midyum, natuklasan kong kahit sa mundong iyon ay may kasinungalingan pa ring namumutawi. May mga pagkakataong nagdadalawang-isip ako kung paniniwalaan ko ba ang isang babasahin dahil bukod sa limitado ang saklaw ng aking kaalaman, laganap na rin ang *fake news*.

Kiniliti ng mga karanasang iyon ang aking paniniwala. At dahil dito, natagpuan ko ang sarili kong nagugulumihanan sa gitna — sino ba ang dapat kong paniniwalaan? Matapos iyon ay tumimo sa aking isip na hindi lahat ng hindi kapani-paniwala ay may kadugtong lagi sa dulo na salitang *"charot"* dahil sa totoo lang, sa panahon ngayon, halos naghihiraman na lang ng iisang

mukha ang katotohanan at kasinungalingan. Tunay na mahirap nang kilalanin kung ano ang totoo sa peke.

Dahil diyan, ito ang *hashtag* ko ngayon: ***#factcheck!***

Hindi maikakaila na malaki na talaga ang pagbabagong narating ng panahon ngayon dahil sa teknolohiya. Ang mga tao, lalo na ang mga kabataan ay tila mga nagmamadaling sundalo na sasabak sa kung saang giyera. Maski ako, hindi ko maitatanggi na minsan, nagiging parte ako ng kabataang nakaposas sa konseptong *"instant gratification"* na kung saan halos minamadali na lang ang mga bagay-bagay. Kaya't pati sa pagbabasa ng mga impormasyong kumakalat, palipat-dila man o sa social media, minamadali na lang at hindi na pinagtutuunan ng pansin upang suriin ito. Dahil dito, mahihinuha na katumbas na ng pagkalabit sa gatilyo ng baril paharap sa sariling sintido ang pagbabahagi o pag-*"click"* ng share kahit hindi lubusang naiintindihan ng kabataan ang naturang impormasyon. Isa itong maituturing na suicide na hindi alam ng karamiha'y ginagawa na pala nila sa simpleng paraan.

Sa kabilang banda, habang sinusulat ko ang sanaysay na ito, sumagi sa isip ko na marahil hindi natin mahanap ang katotohanan sapagkat hukay tayo nang hukay o 'di kaya nama'y lipad tayo nang lipad. Na baka naman ay nasa atin na mismo ang katotohanan? Na nasa harap na natin ngunit mas pinipili nating madaliin ang bagay-bagay kaya't kahit ang impormasyong sana'y maghahatid sa atin sa katiyakan ay hindi natin nadadalumat o napipigaan ng sustansiya. Hindi man ako sigurado, alam ko naman na ang mabisang paraan upang mapagtagumpayan ito ay sa pamamagitan ng sanaysay na ito — sanaysay na magsisilbing imbitasyon upang hikayatin ang kabataan na magsikap sa pagpapalalim ng sariling balon ng karunungan nang maiwasang humantong sa pagkakaroon ng mababaw na pag-iisip.

Kaya naman, nais kong gumawa ng sariling pila — pilang hindi patungo sa isang matanda na magdidikta ng kapalaran mula sa sarili niyang opinyon o hindi kaya'y sa isang nakasisilaw na bolang kristal na patagong pinalilit ang mundo nating napakalawak. Bagkus, pila ito ng mga kabataan kung saan ang katotohanan ay nasa aming mga kamay mismo. Pila ng mga kabataang marunong mangilatis at may bukas na pag-iisip. At syempre, maisasakatuparan ko ito sa pamamagitan ng pagiging isang matalino at responsableng ehemplo na ipahahawa — hindi bilang isang sakit kundi lunas — sa iba pang kabataang magiging tagapagtanggol at tagapagsulong din ng katotohanan.

Nakatitiyak din ako na sa pilang ito, kung puro ang impormasyong nasalok ko sa pinagmulan nito, hindi ito makalalason sa papasahan ko. Gayundin kung susundin ng bawat isa ang tamang proseso. Ngunit, ang pagbabahaging ito ay mawawalan lang din ng saysay kung makikisabay na lamang tayo at hindi na mag-iisip kung may bahid na ba ng kasinungalingan ang ating ipinapasa sa iba. Esensyal pa rin ang pagtataglay ng kritikal na pag-iisip upang makalikha ng mas malinaw na impormasyon.

Muli, para sa lahat ng kapuwa ko kabataan, tunay na hindi magiging madali ang pagpuksa sa kasinungalingan at kamangmangan kung ang sarili natin mismo ay walang malay na nagpapaanod sa sistemang ang impormasyon ay pilit na lamang ipinupunla sa ating isip, tama man o mali. Kaya, hindi sapat na tayo ay maging kabataan lang. Ayon nga kay Fr. Roque Ferriols, ang katotohanan ay *"tahanan ng mga katoto."* At tayong mga kabataan mismo ay parte ng mga katotong dapat na mabuhay sa katotohanan.

*"Balik ka, Iha."*

Iyan ang mga huling salita ng manghuhula bago kami umalis. Pagkalabas, nakahinga ako nang mas magaan. Hindi dahil natulungan ng bolang kristal ang tita ko kundi dahil mas naramdaman ko sa labas ang tunay na mundo.  At hanggang sa ngayon, sukbit ko pa rin ang paniniwalang balang araw, iikli ang pila ng mga taong nagbabalak pumasok dito.

Ngayon katoto, sasama ka ba sa kabilang pila?